

## Register sa Paglilitson : Talisay City, Cebu

Rowena C. Largo

Departamento ng Filipino, Cebu Normal University, Philippines

Date Received: September 19, 2018; Date Revised: February 19, 2019

Asia Pacific Journal of  
Multidisciplinary Research

Vol. 7 No.1, 58-63

February 2019, Part II

P-ISSN 2350-7756

E-ISSN 2350-8442

www.apjmr.com

CHED Recognized Journal

ASEAN Citation Index

**Abstract-** *It is natural for a Filipino family to be involved in various occasions or celebration with various meals prepared can be found at the table. Family gathering became one of the many trademarks among Filipino culture while close friends are busy preparing for food which delicately favors and provides time for preparation. They prepare the food not only by his body but his whole spirit, heart and soul. The most popular dish at all prepare is a Litson (roasted pork). The Talisaynon's litson is well-known for the crunchy, delicious, soft and tasty litson. This study is anchored in the socio-linguistic theory that discusses the idea of language being heterogeneous. It is a fact that a group in a certain community creates a concept or idea that can be used in communication to have a common understanding about a certain thing. The study is anchored in the descriptive type of research that would focus on participant's responses according to parameter or metric given. The questionnaire will be answered by a select group of manglilitson who lives in Talisay City, Cebu. This study aims to know the things or people involved in making a litson like the manner or way of creating the words, use or function and the process. Base on conclusion, the register of paglilitson have a variety of words which is related to societal role of the speaker or the people who are involved in the communication and it has influence with the way it is used. The words had its own characteristics and meaning.*

**Abstrak** – *Likas sa pamilyang Pilipino na kapag nagkakasama sa iba't ibang okasyon o pagdiriwang ang samu't saring mga pagkain na inihahanda ay makikita sa hapag-kainan. Tumatak na sa kulturang Pilipino ang pagsasama ng pamilya at malalapit na kaibigan na abala sa paghahanda ng mga pagkain na sadyang kinagigiliwan at nagbibigay ng panahon para sa preparasyon. Ginagawa ito hindi lamang ang kanyang katawan ngunit ng kanyang buong diwa, puso at kaluluwa. Ang pinakatanyag na putahe sa lahat ng handaang ay litson. Ang Litson ng mga Talisaynon sa Lungsod Talisay, Cebu ay kilalang-kilala ang malutong, masarap, malambot at malasang litson. Nakaangkla ang pag-aaral sa sosyolingguwistikong teorya, ang ideya na ang wika ay heterogeneous. Isang katotohanan na ang isang grupo o pangkat na nasa isang komunidad ay lumilikha ng isang konsepto o ideya na ginagamit sa pakikipagkomunikasyon upang magkaunawaan sa partikular na bagay. Nakaangkla ang pag-aaral sa palarawang pamamaraan na nagbibigay tuon sa mga sagot ng kalahok ayon sa panukat na ibinigay. Ang talatanungan ay sasagutin ng piling manglilitson ( mangngangasal ) ng baboy na naninirahan sa Lungsod ng Talisay, Cebu. Layunin ng pag-aaral na ito na mailahad ang sangkot sa paglilitson ng baboy gaya ng paraan ng pagbubuo ng salita, gamit at proseso. Batay sa naging kongklusyon, ang register ng paglilitson ay varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagamapanan ng nagsasalita o tagapagsalita o mga taong bumubuo sa pakikipagkomunikasyon at nakaiimpluwensya sa paggamit. At nagkakaroon ng sariling katangian at pagpapakahulugan sa mga salita.*

**Keywords:** mangangasal, kaha, lamas, agoha, tagumkom, higon, puston, unod, balhibo, aslunon, tingal on, mag-ihaw, mag-init, kiskisan, tahion, mabungkag, ilansang, giasal, burot- burot, init-init, ubol- ubol,

### INTRODUKSYON

Likas sa pamilyang Pilipino na kapag nagkakasama sa iba't ibang okasyon o pagdiriwang ang samu't saring mga pagkain na inihahanda ay makikita sa hapag-kainan. Tumatak na sa kulturang Pilipino ang pagsasama ng pamilya at malalapit na kaibigan na abala sa paghahanda ng mga pagkain na sadyang kinagigiliwan at nagbibigay ng panahon para sa

preparasyon. [1] Ang pagluluto bilang simbolo ng pag-ibig. Ginagawa ito hindi lamang ang kanyang katawan ngunit ng kanyang buong diwa, puso at kaluluwa. Sinabi rin niya ang mabisang kasangkapan upang ipahayag ang isang pag-ibig na dalisay. “Maraming beses na nating narinig ang mga katagang “magluto ng may pagmamahal” at timplahan ng pag-ibig ang inyong pagkain”. Dahil ang pagluluto sa

paggamit ng apoy, mga sangkap at tamang kasangkapan, minumungkahi niya na galangin ang kalikasan at huwag iwaksi ang kinamulang kultura. Masasabing ang kultura ng isang bansa ay nalalarawan sa kanyang lutuin. Ang taal na pagkain ng mga Pilipino ay payak ngunit ito ay nadadagdagan ng mga putaheng Kastila, Intsik, Bumbay at Malay, Amerikano.

Sa buong kapuluan ng Pilipinas, bawat lugar ay kilala sa mga tatak na pagkaing espesyal na luto at panlasa. Maaaring batay rin sa heograpiya ng bawat lugar, lupain gaya ng Ilocos kilala ang pinakbet, dinengdeng at inabraw na sangkap ay mga sariwang gulay na may kahalang karne o isda dahil maunlad sa agrikultura, sa Baguio ang strawberry jam, dahil sa malamig tumutubo ang lugar, sa Pangasinan ay tampok ang bangus na produkto dahil pangunahing hanap-buhay ay panginisda, sa Bicol naman ang karaniwang lutuin ay gumagamit ng gata ng niyog at siling labuyo na may karne o hipon at mga gulay gaya ng laing, sa bahagi ng Luzon ay kilala sa sinigang, kare-kare, adobong baboy o manok, at mga kakanin tulad ng espasol, bibingka, sabin-sabin, at suman. Habang sa Kabisayaan ay mayaman sa tubig-dagat ay bantog ang kinilaw, kilala rin sa pagpapatutuyo gaya ng tuyo, daing, pusit, hipon at ang tinatawag na ginamos. Dahil maraming pananim na saging ay pinatuyo, pinasugbu ( banana chips ), manga ( dried mango ), biko ( malagkit na bigas at gata ng niyog ) samantalang sa Mindanao ay ang lutuing tinagtag, piarun, lutuing isda at ang lapua na binanliang mga gulay na tinimplahan na ginamos, asin o kaya suka. At bulubid, sindol, bibingka at saging-abinayo. Isang katotohanan na mayaman ang mga Pilipino sa pagkain at mga kakanin.

Ngunit ang pinakatanyag na putahe sa lahat ng handaan ay litson. Ang salitang litson ay mula sa salitang Kastila na “ lechon” na nangangahulugan na pag-ihaw ng buong baboy. Karaniwang iniihaw sa araw ng kasayahan. Tinutusok ng kawayan ang kinatay na baboy at pinaikot-ikot sa nagbabagang uling. Ang Litson ng mga Talisaynon sa Lungsod Talisay, Cebu ay kilalang- kilala ang malutong, masarap, malambot at malasang litson.

Makikita sa handaan ng mga mayayaman na pamilya at mga kilalang Amerikano. Ang pagkakatay at pag-ihaw ng baboy ay nagsimula noong taong 1945 bilang negosyo ni Teresa Mancina Olo ( Nang Ising ) ngunit nahinto ito noong 1975 dahil wala sa kanyang mga anak ang nagpatuloy pero may ibang manglilitson ( mangangasal ) na ipinagpatuloy ang ganitong uri ng negosyo. At ipinamana sa kani- kanilang mga anak. Ang

register ay varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag. Halimbawa nito ay: sayantipikong register, panrelihiyong register, pang-akademikong register at iba pa. ang pag-aaral na ito ay gumamit ng sosyolingwistikong teorya na batay sa palagay na ang wika ay panlipunan at pang-indibidwal ang speech (langue). Nakaangkla ang pag-aaral sa palarawang pamamaraan na nagbibigay tuon sa mga sagot ng kalahok ayon sa panukat na ibinigay. Ang talatanungan ay sasagutin ng piling manglilitson ( mangngangasal ) ng baboy na naninirahan sa Lungsod ng Talisay, Cebu. Matapos maisagawa ay pagbibigay ng interpretasyon sa tulong ng talahanayan.

#### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na mailahad ang sangkot sa paglilitson ng baboy gaya ng paraan ng pagbubuo ng salita, gamit at proseso.

#### METODOLOHIYA

Ginamit ang disenyong deskriptibo na ayon kay [2] ang palarawang pag-aaral at sumasaklaw sa maayos na pagtitipon ng mga datos at mga katanunagn tungol sa napapanahong kalagayan ng pag- aaral. Ang mananaliksik na nagsasagawa ng pag- aaral, una ay nagtungo sa mga piling mangangasal ( mang- iihaw ) na naninirahan sa Cansojong, Poblacion at San Isidro, Talisay City, Cebu upang makahingi ng pahintulot sa ginagawang pananaliksik, pangalawa ay nagsagawa ng pakikipanayam at magbibigay ng talatanungan. Pangatlo, matapos makapagsagawa ng pakikipanayam at pagsagot sa talatanungan ay isinagawa ang pagbibigay ng interpretasyon sa tulong ng talahanayan.

#### RESULTS AND DISCUSSION

Inilalahad sa bahaging ito ang mga datos at pagpapakahulugan sa nakalap impormasyon sa register ng paglilitson ng babo.

#### Pagbubuo ng mga Salita

Sa talahanayan 1 ay makikita ang pagbubuo ng mga salita. Sa register ng paglilitson ng baboy makikita ang mga sa bokabularyo o terminolohiya na ginagamit at ang mga salita ay maaaring uriin. Sa **payak** na salita ito ay binubuo ng mga salitang-ugat na nagtataglay ng sariling kahulugan gaya ng tag-iya, baboy, putlon, dila, baba, buhi, pait, itom, puti, luto, kupal, panit, nipis, бага, kaha, lamas, agoha, kutsilyo, hilo, tagumkom, uling, mangangasal, higton, puston, unod, balhibo.

**Talahanayan 1. Pagbubuo ng mga Salita**

<b>Payak</b>	tag-iya, baboy,putlon, dila, baba, buhi, pait, itom, puti, luto, kubal , panit, nipis, baga, kaha, lamas, agoha, kutsilyo, hilo, tagumkom, uling, mangangasal, higton, puston, unod, balhibo
<b>Maylapi</b>	aslunon, mobiyahe, magdala, tingalon, mag- ihaw, mag- init, kiskisan, tahion, mabungkag, ilansang, giasal
<b>Inuulit</b>	burot- burot, init-init, ubol- ubol,
<b>Tambalan</b>	bani-saging
<b>Panghihiram</b>	i-marinate, blade, manual, electric, manila paper, crispy, abaca
<b>Code switching o Palit- koda</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>- Ang “<b>native</b>” o itom nga baboy maoy nindot ang luto kay baga ang panit o kubal sa baboy kay ang puti nipis ang panit.</li> <li>- Kiskisan og balik ang balhibo gamit ang <b>blade</b> unya mogamit og <b>blue torch</b> aron masunog ang balhibo sa baboy aron walay mahabilin nga balhibo.</li> <li>- Ipaharag ang posisyon sa baboy <b>aron i-marinate</b> og butangan patis ang tibuok lawas sa baboy.</li> <li>- Mogamit og <b>manual</b> sa pagtuyok sa baboy pasabot nay tawo ang magsigo og patuyol samtang giasal ang uban mogamit og <b>electric</b> dili na kinahanglan ang tawo ang pagtuyok sa kawayan o tubo samtang giasal.</li> <li>- Magkakusog ang kayo sa kahoy mas tagumkom o <b>crispy</b> ang panit kung uling ang gamitin dili kayo kagumkom ang panit.</li> <li>- Paghuman puston og “<b>manila paper</b>” ang tiubuok lawas sa baboy unya higton dayon og <b>straw</b>.</li> <li>- Inig abot sa <b>gi-deliveran</b> sa litson baboy ingnon ang tag-iya na ablihan ang putos sa litson aron dili mohunit ang panit sa baboy.</li> </ul>

Habang ang **Maylapi** mga salita ay binubuo ng mga salitang- ugat at panlapi tulad ng aslunon, mobiyahe, magdala, tingalon, mag- ihaw, mag- init, kiskisan, tahion, mabungkag, ilansang, giasal. Sa **Inuulit** naman ay mga salita na nagaganap ang pag- uulit gaya ng burot- burot, init-init, ubol- ubol. Tambalan ay dalawang salita na pinagtambal gaya ng bani- saging. **Panghihiram** naman [3] ay isang paraan kung saan nagkakahalo ang mga varayti tungo sa isang pang varayti. Kalimitan ay mga salitang ginagamit at hinihiram dahil na nga nakasanayan o kaya ay tanggap na ang manghiram tulad ng i-marinate, blade, manual, electric, manila paper, crispy, abaca at ang **Code switching o Palit- koda** [4] ang isang tagapagsalita ay gumagamit ng ibat’ ibang varayti sa sitwasyon o okasyon.

Halimbawa nito ay Taglish kung ang Tagalog at English ang mga Cebuano ay mayroon din gaya ng sumusunod na halimbawang Sinugbuanu’g Binisaya at English, Ang “**native**” o itom nga baboy maoy nindot ang luto kay baga ang panit o kubal sa baboy kay ang puti nipis ang panit, kiskisan og balik ang balhibo gamit ang **blade** unya mogamit og **blue torch** aron masunog ang balhibo sa baboy aron walay mahabilin nga balhibo, ipaharag ang posisyon sa baboy **aron i-marinate** og

butangan patis ang tibuok lawas sa baboy, mogamit og **manual** sa pagtuyok sa baboy pasabot nay tawo ang magsigo og patuyol samtang giasal ang uban mogamit og **electric** dili na kinahanglan ang tawo ang pagtuyok sa kawayan o tubo samtang giasal, magkakusog ang kayo sa kahoy mas tagumkom o **crispy** ang panit kung uling ang gamitin dili kayo kagumkom ang panit, paghuman puston og “**manila paper**” ang tiubuok lawas sa baboy unya higton dayon og **straw** at inig abot sa **gi-deliveran** sa litson baboy ingnon ang tag-iya na ablihan ang putos sa litson aron dili mohunit ang panit sa baboy.

**Gamit**

Sa Talahanayan 2 ay gamit sa paglilitson ng baboy. Dito ay binigbigyan ng katuturan ang wika ayon sa level ng paggamit nito na makikilala sa pamamagitan ng iba’t ibang sitwasyong kinabibilangan. Ito ay batay rin kung kung sino, paksa ( ano ), layunin ( bakit ), at lokasyon ( saan ). [5] Ang rehistro ay isang paraan ng pagsasalita o paggamit ng wika sa iba’y ibang bagay; sumasalamin ito sa panlipunang proseso, halimbawa nito ay dibisyon ng paggawa ng, konteksto, mga tiyak na aktibi, kaugnay rin sa gamit ng wika sa komunikasyon sa rehistro. [6] Ang rehistro bilang sitwasyonal na katangian ay

**Talahanayan 2. Gamit**

<b>Mga salita</b>	<b>Kahulugan</b>
Kutsilyo	iba't ibang uri na panghiwa para sa leeg ng baboy, kutsilyo para sa tiyan at sa lalamunan.
planggana	ginagamit na sahurang ng dugo ng baboy.
brush	ginagamit ba pang-eskoba ng paa at kuko ng baboy.
kawayan o tubo	dito tinutusok ang baboy para malitson.
kahoy	ito ay ginagamit sa pagpalo sa likod ng baboy para dumeretso ang katawan.
blade	pang-ahit sa balahibo ng baboy.
blue torch	ginagamit sa pagsusunog ng balahibo ng baboy.
Abaca nga hilo	ginagamit na pantali sa baboy para matibay
Agoha	isang matulis na karayom na ginagamit sa pagbutasat pagtahi sa tiyan ng baboy.
hilo	sinulid na karaniwang singkapal na karaniwang tali na tinatahi sa tiyan ng baboy.
lansang	pako ginagamit sa pagpako ng nguso ng baboy para hindi dumulas ang baboy.
panaptun	basahan na pampahid ng mantika sa buong katawan ng baboy para kumintab ang balat.
bani- saging	bani o katawan ng saging para pambalot sa baboy para maayos ang pagkakalagay nito.
Manila paper	uri ng malapad na papel na ipinambabalot sa litson
straw	ginagamit sa pantali ng litsong baboy.

nakabatay sa field ang kabuuang total ng pangyayari kung saan nagaganap ang usapan, mode ang tungkulin ng usapan o usapang naganap at tenor ay tumutukoy naman sa mga uri ng interaksyon at ang mga set ng relasyon sa pagitan ng nag-uusap. [7] Ito ay mga lingguwistikong varayti na inugnay sa okupasyon, propesyon o paksa. Ibig sabihin nito na ang bawat okupasyon, propesyon o paksa ay may kanya- kanyang varayti ng wika na ginagamit at ang magkakatulad na okupasyon, propesyon o paksa ang nagkakaintindihan sa kadahilanang sila ang nagkakaroon ng interaksyon at nagkakaunawaan. Gaya ng mga halimbawa kutsilyo ito ay iba't ibang uri ng panghiwa para sa leeg ng baboy, may kutsilyo para sa tiya at para sa lalamunan, planggana ay ginagamit na sahurang ng dugo ng baby, brushay ginagamit para sa pang-eskoba ng paa at kuko ng baboy, kawayan naman ay ginagamit na pantusok ng baboy para malitson, kahoy ay ginagamit sa pagpalo sa likod ng baboy para dumeretso ang katawan, blade naman ay pang-ahit sa balahibo ng baboy, blue torch ay ginagamit sa pagsunog sa balahibo ng baboy, abaca nga hilo ay ginagamit na pantali para matibay, agoha isang matulis na metal na karayom na ginagamit sa pagbutas at pagtahi satiyang ng baboy, lansang ay pako na ginagamit sa pagpako sa nguso ng baboy para hindi ito dumulas, basahan na pampahid ng mantika sa buong katawan ng baboy para kumintab ang balat, bani-sagingay bani o katawan ng saging para pambalot sa baboy para maayos ang pagkakalagay nito, manila paper ay uri ng malapad na papel na ipinambabalot sa litson at ang straw ay ginagamit sa pantali sa litsong baboy. Kaugnay sa sinabi ni Trudgill na makikita sa rin sa rehistro sa mga paraan

ng paggamit ng mga salita ayon sa okupasyon na kinabibilangan.

**Proseso**

Ang Talahanayan 3 ay ang proseso sa paglilitson ng baboy na inilalahad ang paraan ng paglilitson ng baboy. [8] Ang varayti ng wika ay makikita sa mga tiyak na set ng linggistikong aytem o human speech pattern ( tunnog, salita, gramatikal na katagian ) na inuugnay naman sa eksternal na faaktor gaya ng lipunang kinabibilangan. May mga termino ang mga mangangasal ( mang- iihaw ) na tumutukoy sa aktwal na **pagpili sa baboy nga ihawon ( pagpiling ng baboy na iihawin )** gaya ng litsonan ang lugar kung saan nagaganap ang paglilitson ng baboy, aslunon ito ay nagsasaad ng paglilitson, nangompra ay tumutukoy na bumuli ng baboy, binuhi ay nagsaad naman na alagang baboy, motilaw ay nangangahulugan ng pagtikim sa buntot ng buhay na baboy kung papait ba o hindi, tingalon naman ang pagnganga ng bunganga ng baboy para makita ang dila kung maybilog-bilog na ang ibig sabihin ay maysakit ito kung malinis ang dila ibig sabihin wala itong sakit, kubal ay ang malutong na balat ng baboy. **Pag- ihaw sa baboy ( pagkatay sa baboy )** ay mag-ihaw ay tumutukoy sa taong magkakatay ng baboy, loglogon ay paggilit ng leeg ng baboy, isawod ay dapat isahod ang dugo ng baboy, ilunod ay ilagay o isawsaw ang baboy sa mainit-init na tubig, ilambaay ang paghampas ng baboy sa semento para maalis ang mga natirang dugo sa katawan nito, itungan ay ang pagtuhog ng baboy sa kawayan o tubo, kiskisan ay pagtanggap ng balahibo ng baboy, **pagbutang og lamas sa baboy ( paglagay ng mga sangkap sa baboy )** naman gaya ng lamas ay nagsasaad ng sangkap na ilalagay sa tiyan ng

baboy, tahion ay ang pagtahi ng tiyan ng baboy para hindi mahulog ang mga sangkap nito, ilansang ibig sabihin ay ipako ang nguso ng baboy para hindi dumulas sa kawayan o tubo, ipaharag ay ipahilis ang baboy para malagyan ng toyo ang buong katawan, motuhop ay nagsasaad ng pagsipsip ng kawatan ng baboy sa toyo at **pag-asal sa baboy ( paglilitson ng baboy )** ay maghaling ay tumutukoy sa pagsiga ng kahoy para sa baboy na ililitson, pagtuyok ay pagpapaikot sa kawayan o tubo para maluto ang buong litsong baboy, pahiran naman ay nagsasaad ng pagpahid ng mantika para kumintab ag balat ng baboy, liki ay biyak sa balat, tustukon ay sundutin ang balat ng baboy sa gild na may biyak para hindi lumaki ito, alsahon ay ang pagbuhat sa litsong baboy para maiali sa tinuhog na kawayan, puston ay nangangahulugan na balutin ng bani-saging at manila paper ang buong litson. Ilan lamang ang mga ito sa mga termino na ginagamit sa paglilitson. Mapupuna na may mga salitang madalas na ginagamit kagaya ng panit, tagumkom, kubal. Mapapansin din na ang mga salita ay mga tiyak ang kahulugan dahil literal ang pagpapakahulugan at ginagamit ng mga mangangasal ( manglilitson). Lumulutang sa rehistro ng wika ang katangian nito sa kaibahan sa paggamit sakomunikasyon na batay sa konteksto at sa nag-uusap.

### Proseso

#### Pagpili sa baboy nga ihawon ( Pagpiling ng baboy na iihawin )

1. Ang tag-iya sa litsonan mobiyahe aron mopalit og baboy, ang uban pud nay binuhi nga baboy na aslunon para masiguro nga maayo ang ilang nakompra o binuhi.
2. Magdala siya og tawo nga motilaw sa buhi nga baboy kung pait ba o dili. Putlon ang ikog o dunggan sa baboy.
3. Tingalon ang baba sa baboy aron tan-awon ang dila kung naa burot- burot nay sakit ang baboy kung limpyo walay sakit ang baboy.
4. Ang “native” o itom nga baboy maoy nindot ang luto kay baga ang panit o kubal sa baboy kay ang puti nipis ang panit.
5. Ang babaye nga baboy mas nindot kay baga ang unod ang laki kay nipis ang unod.

#### Pag- ihaw sa baboy ( Pagkatay sa baboy )

1. Ang mag-ihaw sa baboy kay mag-init og tubig sa kaha nga dako.
2. Samtang nagpaabot nga init- init na ang tubig sa dakong kaha.

3. Loglogon sa mang-ihaw og baboy ang leog sa baboy gamit ang kutsilyo.
4. Isawod ang dugo sa baboy ngadto sa planggana.
5. Human hugasan pag-ayo ang baboy.
6. Ilunod dayon ang baboy sa kaha nga nay tubig- nga init-init dayon kiskisan ang balhibo sa hait na kutlisyo.
7. I-brush ang dunggan, tiil, kuko sa baboy.
8. Human kwaon ang hubol-hubol.
9. Dayon hiwaon ang tiyan sa baboy gamit ang laing hait na kutsilyo.
10. Habwaon ang tinae, atay, baga og tungol sa baboy.
11. Unya hugasan pag-ayo ang tiyan sa babo.
12. Ilamba ang baboy para mawala ang mga nahabilin nga dugo sa baboy.
13. Itungan ang baboy sa kawayan o tubo.
14. Unya birahon ang baboy aron matul-id. Bunalan ang buko-buko sa baboy gamit ang buko-buko aron matarong ang pusisyon sa baboy.
15. Kiskisan og balik ang balahibo gamit ang blade unya mogamit og blue torch aron masunog ang balhibo sa baboy aron walay mahabilin nga balhibo.

#### Pagbutang og lamas sa baboy ( Paglagay ng mga sangkap sa baboy )

1. Andam na ang lamas nga ahos, sibuyas dahon, asin, betsin, sangke, panakot, Mallorca, 7-up, suka og patis ( toyo ).
2. Isulod ang tanan ang tanang lamas sa tiyan.
3. Tahion og tarong ang tiyan og ubol-ubol gamit ang abaca nga hilo og agoha aron dili mabungkag og mogawas ang lamas.
4. Ilansang ang baba aron dili modailos inig luto og higtan ang luyo nga till sa baboy.
5. Ipaharag ang posisyon sa baboy aron i-marinate og butangan patis ang tibuok lawas sa baboy.
6. Pasagdan og 30 minutos ang baboy aron motuhop ang patis.

#### Pag-asal sa baboy ( Paglilitson ng baboy )

1. Maghaling na og kayo para sa baboy, ang uban mogamit og kahoy ang uban kay uling.
2. Magkakusog ang kayo sa kahoy mas tagumkom o crispy ang panit kung uling ang gamitin dili kayo kagumkom ang panit.
3. Kung kahoy ang gamiton 2 hangtud 3 ka oras maluto ang baboy kung uling 3 hangtud 4 ka oras.
4. Mogamit og manual sa pagtuyok sa baboy pasabot nay tawo ang magsigo og patuyol samtang giasal ang uban mogamit og electric dili na kinahanglan ang tawo ang pagtuyok sa kawayan o tubo samtang giasal.

5. Samtang gituyok ang baboy pahiran panag- sa og mantika. Aron dili mopilit ang baho og aso.
6. Kon makabantay na ang mangangasal nga na liki na ang kubal kinahanglang tuskon ang kilid sa liki aron dili modako.
7. Inig haon sa litson baboy ideretso ni paharag aron moagas ang sabay sa litson og dili mohunit. Unya pahiran og mantika gigamit ang panaptun aron sinaw ang panit sa baboy.
8. Init hurot na sa sabaw alsahon ang litson. Tangtangan ang lansansang og ang tungan nga kawayan o tubo og ibutang sa lamesa nga nay banisaging.
9. Mahibaw- an nga dili na init ang baboy basta wala nay aso nga mogawas sa lubot sa baboy.
10. Paghuman puston og “ manila paper” ang tiubuok lawas sa baboy unya higton dayon og straw.
11. Inig abot sa gi-deliveran sa litson baboy ingnon ang tag-iya na ablihan ang puto sa litson aron dili mohunit ang panit sa baboy.

### Kinalabasan ng Pag-aaral

Ang varayti ng wikang ginagamit sa paglilitson ng baboy ay makikita sa pagbubuo ng salita gaya ng payak, maylapi, inuulit, tambalan, panghihiram at code switching o palit- koda.

Habang ang gamit ay tiyak na tiyak sa paglalarawan at ang paraan sa paggamit ng mga salita ay partikular na salita o sa kahulugan nito.

Samantala sa proseso ay nagmumula ang baryasyon ng pananalita ng indibdwal sa partikular na okupasyon o pangkat na kinabibilangan.

### Kongklusyon

Ang register ng paglilitson ay varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagamapangan ng nagsasalita o tagapagsalita o mga taong bumubuo sa pakikipagkomunikasyon at nakaiimplwensya sa paggamit. At nagkakaroon ng sariling katangian at pagpapakahulugan sa mga salita.

### Rekomendasyon

Bunga ng isinagawang pag-aaral ay inirekomenda ang sumusunod na: magsagawa ng mga pag-aaral hinggil sa register ng iba't ibang okupasyon; mangalap ng mga impormasyon hinggil sa varayti ng mga kabataan na ginagamit sa media; gumawa ng isang pagsusuri sa varayti ng pagtetest gamit ang cellphone; bumuo ng pag-aaral sa register gamit angpiling Tabloid; at maglathala ng

komparatibong register ng etnikong grupong pangkultural.

### REFERENCES

- [1] Sarthou, Micahel Govan III. (2016 ) **Philippine Cookery from Heart to Platter**. Quezon City.ABS-CBN Publishing.
- [2] Gay, L. R., & Mills, G. E. (2015). *Educational Research: Competencies for Analysis and Applications, Global Edition: Edition 11*. Pearson Education Limited.
- [3] Liwanag, Lydia B. 1998. **Ang Register ng Filipino na ginagamit ng mga Estudyante sa Pamantasan ng Normal ng Pilipinas**. Papel na binasa sa Pambansang Seminar ng Pambansang samahan ng Wika, UP. 1993 at sa Internasyunal na Kumperensya sa Filipino.
- [4] Liwanag, Lydia B. 1998. **Ang Register ng Filipino na ginagamit ng mga Estudyante sa Pamantasan ng Normal ng Pilipinas**. Papel na binasa sa Pambansang Seminar ng Pambansang samahan ng Wika, UP. 1993 at sa Internasyunal na Kumperensya sa Filipino.
- [5] Halliday, M. 1978. **Language as Social Semiotic: The Social Interpretation of Language and Meaning**. London: Edward Arnold.
- [6] Spolsky, Bernard. 1998. **Sociolinguistics**. New York: Oxford University Press.
- [7] Turd Gill, P. 2000 (4<sup>th</sup> ed). **Sociolinguistics**. London. Penguin.
- [8] Wardaugh, Ronald. 2006 (5<sup>th</sup> ed). **An Introduction to Sociolinguistics**. United Kingdom: Blackwell Publishing.

### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).